



### **1 Kung ipagpapatuloy ang pag aaral o mga aktibidades sa Institusyon**

Maaaring i renew ang Status of Residence/Visa upang maipagpatuloy ang pag aaral o mga aktibidades sa Institusyon.

- ⇒ Maaaring i renew ang visa kahit lumipat ng ibang Institusyon.
- ⇒ Karaniwang binibigyan ng 2 taong visa kung mag aaral ng wikang Hapon. subalit ito ay maaaring i renew kung lalagpas ng 2 taon.
- ⇒ Para sa nabigyan ng permiso na gumawa ng ibang aktibidades liban sa kanilang Status of Residence ay pinapayagang mag hanap buhay ng 28 oras sa loob ng 1 linggo ayon sa patakaran.

### **2 Kung ititigil ang pag aaral o mga aktibidades sa Institusyon**

(1) Kung kayo ay nagtapos sa taong 2020, subalit hindi nakauwi sa inyong Bansa sa kakulangan nang flights, paglala ng sitwasyon sa inyong Bayan, at iba pa, kung gayon, maaari kayong magpalit ng inyong status of residence sa "Designated Activities (6) Anim na Buwan"

- ⇒ Kung nais ninyong magtrabaho, kayo ay pahihintulutan na makapagtrabaho ng hanggang 28 oras sa isang Linggo kahit hindi manghingi ng permiso upang makapagtrabaho bukod sa pahintulot na dati nang ibinigay sa inyo sa ilalaim status of residence.

(2) Kung kayo ay Nakapagtapos sa Taong 2020, may taglay na residence status bilang "Student" at naaprubahan na makagawa ng gawain na bukod sa dati ng naibigay na permiso sa ilalim ng status of residence, subalit hindi makauwi sa inyong Bansa dahil sa kakulangan ng flights, paglala ng sitwasyon sa inyong Bayan, at iba pa.

- ⇒ Kung gayon, Kayo ay maaaring magtrabaho ng hanggang 28 oras kada Linggo kahit pagkaraan ng inyong Pagtatapos.

### **3 Kung nakatalaga ng ang papasukang kompanya pagkatapos ng pag aaral**

Kung matutugunan ang mga requirements, maaaring palitan ang visa ng visa para sa Engineer, Specialist in Humanities at International Services.

### **4 Kung nakapagtapos ng pag aaral at nais manatili upang mag hanap ng trabaho sa bansang Hapon (para lamang sa mga nakapagtapos sa Unibersidad, Kolehiyo ng Teknikal at Bokasyonal).**

Maaaring palitan ang visa ng Designated Activity o Itinakdang Aktibidades.

- ⇒ Karaniwan, ang visa para sa paghahanap ng trabaho ay tatagal lamang ng 1 taon simula sa araw ng pagtatapos, subalit ito ay maaaring i renew kung lalagpas ng 1 taon.
- ⇒ Para sa nabigyan ng permiso na gumawa ng ibang aktibidades liban sa kanilang Status of Residence ay pinapayagang maghanap buhay ng 28 oras sa loob ng 1 linggo ayon sa patakaran.